
10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Nobela mula sa Cuba (Panitikang Kanluranin)




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan (Panitikang Kanluranin) – Modyul 5: Nobela mula sa Cuba**
Unang **Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Imelda G. Gracias, Alvin D. Mangaoang |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique, Belen C. Aquino, Alvin D. Mangaoang |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Editha T. Giron, Gina A. Amoyen, Felipa T. Regaspi, Rebecca Viloria, Joselito D. Daguison |
| **Tagaguhit:** | Ernesto F. Ramos Jr., Rodel R. Rimando |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, German E. Flora, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## Nobela mula sa Cuba
## (Panitikang Kanluranin)

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module o SLM* na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, Pantulong, o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May Susi ng Pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinaaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Mapagpalang araw sa iyo minamahal kong mag-aaral! Batid kong sabik ka nang mag-aral at matutong muli, ikaw ay maghanda na!

Ang **Modyul 5** ay tumatalakay sa isang nobela mula sa Cuba. Bagaman ito'y isinulat ng isang Amerikano, may napakahalagang tungkulin naman ang lugar kung saan ito isinulat, dahil nakasentro ito sa pamumuhay, paniniwala, at tradisyon ng mga taga-Cuba. Ang bansang Cuba ay matatagpuan sa Hilagang bahagi ng Caribbean kung saan nakasasalubong ang Dagat Caribbean, Gulpo ng Mexico, at Karagatang Atlantic. Binubuo ito ng mga isla at kapuluang pinalilibutan ng Mexico (Yucatan Peninsula) sa Kanluran, Estado ng Florida, USA at Bahamas sa Hilaga, Haiti sa Silangan, at Jamaica at Cayman Islands sa Timog.

Ang kultura ng mga taga-Cuba ay impluwensiya ng napaghalo-halong kultura ng mga European, African, at Amerindian. Sa kabila ng pagkakaiba-iba, nangunguna pa rin sa puso nila ang pagkakaisa at isinasabuhay ang payak na pamumuhay ng isang taga-isla.

Itinatampok sa modyul na ito ang nobelang "Ang Matanda at ang Dagat", na isinulat ni Ernest Hemingway sa Cuba noong 1951 at inilabas noong taong 1952. Ang nobelang ito ay isang produksiyong hango sa mga naging karanasan ni Hemingway bilang isang awtor sa loob ng 16 na taon. Nanalo siya ng Pulitzer Prize sa Fiction (1953) at Nobel Prize sa Literature (1954).


Matututuhan mo sa modyul na ito kung gaano kahalaga sa isang tao ang pagiging matiyaga, mapagpunyagi, at matatag sa mga pagsubok sa buhay. Magkakaroon ka rin ng kasanayan sa paggamit ng angkop at mabisang pahayag sa pagsasagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

**Mga Kasanayang Pampagkatuto (MELCs):**

1. Nasusuri ang nobela sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw / teoryang pampanitikan **(F10PB-IIf-77)**;
2. Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre sa tiyak na mga elemento nito **(F10PB-IIf-78)**;
3. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita, kabilang ang mga terminong ginagamit sa panunuring pampanitikan **(F10PT-IIf-74)**;
4. Nabubuo ang sariling wakas ng napanood na bahagi ng teleserye na may paksang kaugnay ng binasa **(F10PD-IIf-72)**;
5. Nagagamit ang angkop at mabisang mga pahayag sa pagsasagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan **(F10WG-IIf-69)**; at
6. Nagagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon sa pananaliksik tungkol sa mga teoryang pampanitikan **(F10EP-IIf-31)**

*Kung nakahanda ka na, tara na't atin nang tawirin ang misteryo ng Dagat Caribbean sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain, at talakayan.*



## *Subukin*

*Bago ka magsimula sa iyong aralin tungkol sa nobela, sagutin mo muna ang Paunang Pagtataya upang masukat ang iyong inisyal na kaalaman hinggil sa paksang tatalakayin.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahing mabuti ang mga kasunod na tanong. Piliin ang letra ng pinakawastong sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Ito'y isang akdang pampanitikang nagtataglay ng nakawiwiling pangyayari at sumasalamin sa kultura ng isang lugar. Binubuo ito ng iba't ibang mga kabanata.

A. Dula B. Nobela
C. Maikling Kuwento D. Parabula

_____ 2. "Sa loob ng 84 araw, ang matandang mangingisdang si Santiago ay wala pang huling isda." Anong elemento ng nobela ang lumitaw sa bahaging ito ng nobelang "Ang Matanda at ang Dagat"?

A. Tema B. Banghay
C. Tauhan D. Tagpuan

_____ 3. "Siya ay maglalayag sa malayong bahagi ng dagat, hilaga ng Cuba sa kipot ng Florida para mangisda." Anong elemento ng nobela ang naipakita sa bahaging ito?

A. Tema B. Banghay
C. Tauhan D. Tagpuan

_____ 4. "Si Santiago ay nakaranas ng diskriminasyon sa kaniyang nayon, nilayuan siya ng ibang mga mangingisda o taganayon dahil sa paniniwalang siya ay malas." Anong tunggalian ang lumitaw sa bahaging ito ng teksto?

A. tao sa tao B. tao sa sarili
C. tao sa lipunan D. tao sa kalikasan

_____ 5. Sa teoryang ito, ipinakikita o mas pinalulutang na ang naganap sa buhay ng tauhan at mga pangyayari ay bunga ng kaniyang sariling pagpili o pagpapasya.

A. Eksistensiyalismo B. Feminismo
C. Realismo D. Markismo

_____ 6. Siya ang batang naging malapit na kaibigan ni Santiago.

A. Manolin B. Marlin
C. Joe D. Quasimodo

_____ 7. "Pero hindi nilikha ang tao para magapi," sabi niya. Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi." Ang naturang pahayag ay nagpapahiwatig na _____________.

A. May pagsubok mang dumating, lilipas din
B. Hindi dapat magpatalo sa hamon ng buhay
C. Kung may dilim may liwanag ding masisilayan.
D. Nilikha tayo para lumaban at hindi para masaktan lamang.

_____ 8. Ano ang ipinakitang katangian ng pangunahing tauhan habang hinihila siya ng *marlin*?

A. maalalahanin
B. mabuti
C. mabait
D. mapagpahalaga

_____ 9. Alin sa sumusunod na katangian ang HINDI ipinakita ni Santiago?

A. Hindi siya sumusuko sa buhay.
B. Sinukuan niya ang paghuli sa pating.
C. Matapang niyang hinarap ang hamon ng buhay.
D. Hindi siya naghihinakit sa mga taong nanghuhusga sa kaniya.

_____ 10. Lumitaw sa nobelang "Ang Matanda at ang Dagat" ang teoryang ito sapagkat sinasalamin nito ang realidad sa lipunan. Nakatuon ito sa nilalaman ng teksto at ang matapat nitong paggagad sa lipunan.

A. Naturalismo
B. Eksistensiyalismo
C. Realismo
D. Humanismo

B. Panuto: Basahing mabuti ang mga pahayag at sagutin ang kasunod na tanong. Piliin ang letra ng pinakawastong sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Talagang mahusay ang pagganap ng bawat artista sa pelikula. Anong bahagi ng pananalita ang nasalungguhitang salita?

A. Pandiwa B.Pang-abay C.Pangatnig D. Pangngalan

_____ 2. Totoo naman na kakaunti ang kaniyang eksena ngunit nagpakita pa rin siya ng kahusayan sa pagganap. Ano ang ipinahihiwatig ng nasalungguhitang salita?

A. Paghamak B. Paghanga C. Pagsang–ayon D. Pagtanggi

_____ 3. Sadyang malakas ang nais sabihin ng pelikula tungkol sa pakikipagkapuwa. Ano ang isinasaad ng nasalungguhitang salita?

A. Paghamak B. Paghanga C. Pagsang–ayon D. Pagtanggi

_____ 4. Hindi maganda ang *visual effects* na ginamit sa pelikula, masyado itong madilim. Ano ang isinasaad ng nasalungguhitang salita?

A. Paghamak B. Pagkainis C. Pagsang–ayon D. Pagtanggi

_____ 5. Tama ka sa iyong reaksiyon subalit pakinggan din natin ang hinaing ng nakararami. Anong bahagi ng pananalita ang nasalungguhitang salita?

A. Pandiwa B.Pang-abay C. Pangatnig D. Pangngalan

*Mahusay! Nagawa mo ang Paunang Pagtataya, nasukat mo ang iyong kaalaman hinggil sa iyong pag-aaralan. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iskor na iyong nakuha. Pagkatapos ng araling ito ay tiyak na mapauunlad mo pa*

*iyan at marami kang matututuhan. Dagdagan mo lang ang pagsisikap habang ikaw ay nagpapatuloy sa pagsasagawa ng mga gawain.*

# Aralin 1.1 — Nobela mula sa Cuba Panitikan: Ang Matanda at ang Dagat



## *Balikan*


*Sa nakaraang modyul, napag-aralan mo ang iba't ibang elemento at mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng maikling kuwento at ang mga pahayag sa paghihinuha ng kinalabasan ng mga pangyayari. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang aralin, inaasahang isasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng mga pahayag sa paghihinuha.*

*May kakilala ka bang mga taong nagsimula sa mahirap na buhay ngunit ngayo'y naging matagumpay na? Tama ka, maraming mga Pilipino ang naging matagumpay sa kanilang piniling propesyon tulad nina Manny Pacquiao, Henry Sy, Lyca Gairanod, Hidilyn Diaz at marami pang iba. Ano-ano sa palagay mo ang taglay nilang katangian? Siguradong sila ay nagtiyaga, nagsumikap at may pagpapahalaga sa buhay.*

*Ngayon naman, ano-ano ang mga nakikita mong magiging kalagayan mo sa buhay o makakamit mong tagumpay sa iyong buhay pagkalipas ng sampung taon?*

**Gawain 1: Hagdan ng Tagumpay**

Panuto: Itala sa ibaba ang mga hinuha mo sa kung ano ka pagkalipas ng sampung taon. Gamitin ang mga hudyat na pahayag sa paghihinuha. Gayahin ang pormat at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



*Mahusay! Ang matagumpay mong pagsasagawa sa gawain ay nangangahulugang naunawaan mo ang nagdaang aralin. Tiyak na handang-handa ka na sa susunod na aralin sa modyul na ito.*

## *Tuklasin*

*Sa bahaging ito ng modyul, tunghayan mo ang buod ng nobelang isinulat ni Ernest Hemingway. Ito ang kahuli-hulihang nobela na nailimbag niya. Suriin ang mga elementong taglay nito. Nailahad ba nang tiyak ang mga pangyayari sa nasabing nobela? Tuklasin kung ano ang pakikipagsapalarang pinagdaanan ng matandang si Santiago at ng isang isdang marlin.*


### Ang Matanda at Ang Dagat

Isinalin sa Filipino mula sa Ingles ni Jesus Manuel Santiago "The Old Man and the Sea" ni Ernest Hemingway
Ibinuod ni ADM

Sa loob ng 84 na araw, ang matandang mangingisdang si Santiago ay wala pang huling isda. Dahil sa kaganapang ito, madalas siya ay napag-iisa. Sa katunayan, mas kinilala siya sa katawagan bilang "salao", ang pinakamalalang kamalasan. Maliban dito, malas din siya sapagkat ang kaniyang kasa-kasamang si Manolin (kaniyang sinasanay magmula pa noong 5 taong gulang} ay hindi na pinapayagan ng kaniyang mga magulang upang maglayag kasama siya, bagkus sumama na lamang daw siya sa mga matatagumpay na mangingisda.

Samantala, binibisita ng binata ang kubo ni Santiago gabi-gabi, kahit na wala itong huli, tinutulungan niya itong hilain ang lambat, naghahanda ng pagkain, pinag-uusapan ang tungkol sa *American Baseball* at ang kaniyang paboritong manlalarong si Joe DiMaggio. Tinuran ni Santiago kay Manolin na sa mga susunod na araw, siya ay maglalayag sa malayong bahagi ng dagat, hilaga ng Cuba sa kipot ng Florida para mangisda, tiwala siyang ang kaniyang kamalasan ay malapit nang magwakas.

Sa ika-85 araw, bukang-liwayway pa lamang, lulan ng isang bangka ay nagtungo na si Santiago para sa kaniyang tatlong araw na paglalayag sa karagatan, ihinanda niya ang kaniyang mga kagamitan at sa katanghalian, may nahuli ang kaniyang pamansing na nasisiguro niyang isang marlin. Subalit, hindi niya mahila ang marlin, bagkus siya ang hinila nito dahil sa kalakihan. Dalawang araw at gabi ang nagdaan ngunit hawak-hawak pa rin niya ang bingwit. Kahit na nagkasugat-sugat siya sa paghila sa isda at kahit sobrang hirap at sakit sa katawan ang natamo niya habang hinihila ang isda ay nakaramdam pa rin siya ng habag at pagpapahalaga sa kaniyang kalaban at itinuring pa niya ito bilang kapatid. Ngunit nanindigan siyang hilain at maiuwi


*Iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan nina Santiago at ng isdang marlin*

ito. Kahit pagod na pagod at tila mahihibang na si Santiago, ginamit niya ang kaniyang nalalabing lakas upang hilahin ang isda sa bangka para makabalik na pauwi habang iniisip ang mataas na halaga ng isda sa merkado at kung ilan ang mapakakain nito.

Sa kaniyang pagbabalik, inatake siya ng mga pating na mako at nagsimulang magpaikot-ikot sa bangka sa ikatlong araw. Malaking bahagi ng isda ang nalapa ng pating kaya nanlumo si Santiago. Sa kabila nito, nilabanan niya ang pating, nagtiis siya ng hirap at pasakit ngunit sa huli napatay niya ito gamit ang kaniyang salapang, na nawala niya sa pakikipaglaban.

Tumulo at humalo sa tubig ang dugo mula sa nalapang bahagi ng isda na siyang nang-akit sa iba pang pating habang siya ay naglalayag muli pabalik. Dahil nga sa nawala niya ang kaniyang salapang, lumikha siya ng panibagong armas sa pamamagitan ng pagtatali ng kaniyang kutsilyo sa dulo ng sagwan upang mapaalis ang mga pating. Limang pating ang kaniyang napatay at marami ang umalis papalayo. Ngunit patuloy ang paglapit ng mga ito at sa magdamag, naubos na lahat-lahat ng mga pating ang buong marlin, tanging ang mga kalansay na lamang nito ang natira, ang gulogod, buntot at ulo.

Sa wakas, nakabalik na siya sa pampang bago magtakip-silim. Mag-isa sa kadiliman, muli niyang tiningnan ang repleksiyon ng kalansay ng marlin mula sa ilaw-kalye at umuwi na sa kanilang dampa. Nang nasa bahay na siya, agad siyang humiga sa papag at nakatulog nang mahimbing. Sa sumunod na araw, nagtipon-tipon ang mga mangingisda sa paligid ng bangka na kung saan naroon pa rin ang kalansay ng marlin. Sinukat ng isang mangingisda ang marlin at ito'y may habang 18 pulgada (5.5 metro) mula ulo hanggang dulo ng buntot, na sa kasalukuyan ito pa lamang ang pinakamalaking nahuli sa nayong ito. Sa katunayan, napagkamalan pa ng mga turista sa kalapit na kapiterya na ito'y pating.

Sa kabilang dako, dahil sa narinig ni Manolin ang tungkol sa kalansay ng marlin lubos siyang nag-alala kay Santiago. Labis ang kaniyang pag-iyak nang matagpuan niya itong ligtas at nakatulog lamang sa kaniyang dampa. Dagdag pa'y naawa siya sa kalagayan at sugat ng matanda. Dahil dito, naupo si Manolin sa tabi ng matanda hanggang sa magising ito. Nang nagising ang matanda, binigyan niya ng pahayagan at kape at saka isinalaysay ang kaniyang pagtalo sa marlin. Dahil dito, nangako si Manolin na magkakasama muli silang mangingisda't marami pa siyang ituturo sa kaniya. Nang makatulog muli, napanaginipan ni Santiago ang kaniyang kabataan – nang makita niya ang mga leon sa dalampasigan ng Africa.

*Maaaring panoorin ang buod ng kuwento sa link na ito:*
https://www.youtube.com/watch?v=y2KP40MhmHk

*Sa iyong pagbabasa ay maaari kang makakita ng mga salitang bago sa iyo at mahirap unawain. Sagutin ang gawain sa ibaba upang mapalawak ang iyong talasalitaan.*

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

Panuto: Punan ng angkop na letra ang kahon upang mabuo ang salitang tumutukoy sa pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay uri ng sibat, may tatlong matutulis na dulo na ginagamit sa panghuhuli ng malalaking uri ng isda.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | L | A | | A | | G |

2. Ito ay panghuli ng isda na may isang pisi at kawil sa dulo na madalas nilalagyan ng uod o anomang pagkain para sa isda.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | M | | N | S | | | G |

3. Nangangahulugan itong pinakamalalang kamalasan sa kanilang lugar.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| S | | L | | O |

4. Isang uri ng isdang may malaki at mahabang katawan at may tusok na nguso at palikpik.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | A | R | | | N |

5. Ito ay nangangahulugang nanghina.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| N | | N | L | | M | |

6. Tumutukoy ito sa nagsasalita sa kuwento at sa paraan ng kaniyang pagkukuwento.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | | O | | D | E | | V | | S | T | |

7. Ito ay larawang binubuo ng isang akdang pampanitikan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| I | | A | | E |

8. Ito ay paglalaban ng dalawang panig na maaaring sa pagitan ng tao o kaisipan.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | | N | G | | | L | | A | |

9. Ito ang salpukan ng dalawang naglalabang panig.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | | S | | K | D | | L | | N |

10. Tumutukoy ito sa mga tauhan sa isang akda.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | R | | K | | E | R |

**Gawain 3: Pagsusuri sa Akda**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ilarawan ang pangunahing tauhan sa nobela.

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

2. Bakit kaya tutol ang magulang ni Manolin na sumama siyang makipangisda kay Santiago?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

3. Maglahad ng patunay na di pa rin sumuko si Santiago sa mga panganib na hinarap niya sa kaniyang paghuli sa marlin.

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________


4. Sa iyong palagay, bakit pinamagatang "Ang Matanda at ang Dagat" ang nobela? Anong positibong epekto ang naidulot ng dagat kay Santiago?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

5. Ano-anong kalupitan at karahasan sa lipunan ang malinaw na inilarawan sa nobela? Nangyayari ba ito sa kasalukuyang sistema ng ating lipunan?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

*Dito natutuhan mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tamang pananaw sa buhay. Maging handa at matapang sa pagharap sa mga pagsubok na darating sa buhay. Ang tauhang si Santiago ay nagpakita ng katapangan sa kabila ng kaniyang katandaan. Ipinakita rito ang pakikipagtunggali niya sa kapaligiran maging sa kaniyang sarili. Magpatuloy ka pa sa pag-aaral.*



## *Suriin*

***Alam mo bang ang...***

**Nobela** ay itinuturing na makulay, mayaman, at makabuluhang anyo ng panitikang tuluyan? Binubuo ito ng mga yugtong nagsasalaysay ng mga kawing-kawing na pangyayari sa buhay ng mga tao na bukod sa nagbibigay-aliw ay nagpapakilos at pumupukaw sa damdamin at kamalayan ng mga mambabasa.

- Sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad, samakatuwid isa itong mahabang akda, samantalang sa maikling kuwento, iisang pangyayari lamang ang inilalahad.
- Iisa ang balangkas ng nobela at maikling kuwento ngunit nagkakaiba lamang ito sa nilalaman dahil ang mga pangyayaring isinasalaysay sa nobela ay may

kaugnayan sa lipunang ginagalawan ng mamamayan at naglalarawan ng kultura ng bawat bansang pinanggalingan nito.


- Ang nobela ay nagtataglay ng mas maraming tauhan samantalang kakaunti sa maikling kuwento.
- Sa kabilang dako, magkapareho naman ang nobela at maikling kuwento sa sumusunod: (1) parehong salaysay na tuluyan (prosa), (2) parehong nagtataglay ng tema, (3) parehong may kasukdulan.

**Elemento ng Nobela**

1. ***Tauhan*** – ito ang nagpapagalaw at nagbibigay-buhay sa nobela.
2. ***Tagpuan*** – tumutukoy ito sa lugar at panahon na mga pinangyarihan.
3. ***Banghay*** – ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
4. ***Pananaw*** – ito ay tumutukoy sa panauhang ginagamit ng may-akda.
   a. *Una* – kapag kasali ang may-akda;
   b. *Pangalawa*- ang may-akda ang nakikipag-usap;
   c. *Pangatlo*- batay sa nakikita o obserbasyon ng may-akda.
5. ***Tema*** – ito ay ang paksang-diwang binibigyang-diin sa nobela.
6. ***Damdamin*** – ito ay nagbibigay-kulay sa mga pangyayari.
7. ***Pamamaraan*** – tumutukoy ito sa estilo ng manunulat/awtor
8. ***Pananalita*** – tumutukoy sa diyalogong ginamit.
9. ***Simbolismo*** – ito ay tumututukoy sa pagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa tao, bagay, at pangyayari

**Katangiang Dapat Taglayin ng Nobela**

- Naglalarawan ito ng iisang kakintalan sa taong inilalarawan o pinapaksa.
- Maliwanag at maayos na pagsulat ng mga tagpo at kaisipan.
- Pagsaalang-alang sa kailangang kaasalan
- Kawili-wili at pumupukaw ng damdamin.
- Pumupuna sa lahat ng larangan sa buhay at sa mga aspekto ng lipunan tulad ng pamahalaan at relihiyon atbp.
- Malikhain at dapat may maguni-guning paglalahad.
- Nag-iiwan ng kakintalan.



## *Pagyamanin*

*Sa bahaging ito ng modyul, tunghayan mo ang isang maikling kuwentong pinamagatang "Tata Selo" na isinulat ni Rogelio R. Sikat. Nagkamit siya ng gantimpala sa kuwentong ito. Sikapin mong unawain ang kuwento at sagutin ang mga kasunod na gawain.*

**Tata Selo (Buod)**
ni Rogelio R. Sikat

Nagsimula ang kuwento sa istaked na kung saan pinagkakaguluhan ng mga tao si Tata Selo sa kadahilanang napatay nito si Kabesang Tano na

nagmamay-ari sa lupang kaniyang sinasaka. Ayon sa kaniya, pag-aari niya ito noon subalit naisanla niya at naembargo.

Nataga at napatay ni Tata Selo ang Kabesa sa kadahilanang pinaaalis ito sa kaniyang lupang sinasaka, subalit tumanggi at pinagpilitan ni Tata Selo na malakas pa siya at kaya pa niyang magsaka, subalit tinungkod ito nang tinungkod ng Kabesa sa noo. Ipinaliwanag ni Tata Selo sa binatang anak ng pinakamayamang propitaryo, sa Alkalde at maging sa Hepe na nagmalupit sa kaniya sa loob ng istaked na pawang kakilala ng Kabesa.

Nang makalawang araw, dumalaw ang anak niyang si Saling na dati'y nakatira at nanilbihan sa Kabesa, subalit umuwi siya dahil nagkasakit ito makalawang araw bago ang insidente. Nahabag si Tata Selo nang maisipan na lang nitong pauwiin si Saling sapagkat wala na silang magagawa. Ipinatawag si Saling ng Alkalde sa kaniyang tanggapan at pinuntahan niya iyon at hindi nakinig sa ama nito. Dumating muli ang bata na dumalaw sa kaniya at inutusan upang pumunta sa tanggapan ng alkalde subalit hindi siya pinapasok. Hindi ito inalintana ni Tata Selo at sinabi na lang nitong inagaw na sa kaniya ang lahat.

Mabilis na kumalat ang usapan sa pagpatay ni Tata Selo sa Kabesa. Ito'y naging mainit na usapan ng mga tao at karamihan ay hindi makapaniwalang nagawa niya ito, dahil halos lahat ng tao sa kanilang lugar ay kilala siya bilang isang mabait na tao. Siya ay kinausap ng Presidente habang siya ay nasa likod ng mga rehas at tinanong kung bakit niya nagawa ito. Palaging isinasagot ni Tata Selo na tinungkod siya ng Kabesa. Sinubukan niyang makiusap na huwag siyang tanggalin sa pagsasaka dahil ito lamang ang tanging ikinabubuhay ng kaniyang pamilya. Sinabi ng binatang anak ng pinakamayamang propitaryo sa San Roque na hindi iyon sapat na katuwiran. Hindi siya nauunawaan ng mga tao kung ano ang rason kung bakit niya nagawa ang nasabing krimen. May isang lalaking lumapit sa kaniya at nagtanong kung paano na ang kaniyang anak na si Saling na naninilbihan sa Kabesa. Ayaw niyang masali ang kaniyang anak sa nangyayari dahil ayon sa kaniya ay may sakit si Saling at mas nakabubuti sa kaniya ang magpahinga at mapalayo sa kapahamakan. Matapos ang buong araw na pagsusuri, habang nakakapit sa rehas at nakatingin sa labas, siya'y napahandusay sa sahig. Sinasabi pa rin ni Tata Selo na lahat ay kinuha na sa kaniya, wala nang natira. Bukod kasi na nasa bilangguan siya, nawalan pa siya ng ikinabubuhay at may sakit pa ang kaniyang anak.

**Gawain 4: Unawain Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Bakit pinagkakaguluhan ng mga tao si Tata Selo?

 ______________________________

 ______________________________

2. Ano-anong kalagayan ng mga magsasaka ang ipinakita sa kuwento?

 ______________________________


 ______________________________

3. Sa iyong palagay, makatuwiran ba ang pagkakakulong ni Tata Selo?

 ______________________________

 ______________________________


**Gawain 5: Ihambing Mo!**
Panuto: Mula sa napag-aralang impormasyon hinggil sa nobela at mga elemento nito, ihambing ito sa maikling kuwento gamit ang grapikong presentasyon. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.







## *Isaisip*

**Gawain 6: Tandaan Mo!**
Panuto: Punan ng tamang impormasyon ang mga kahon batay sa natutuhan mo sa unang aralin. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.



## *Isagawa*

**Gawain 7: Wakasan Mo Na!**
**Panuto:** Bisitahin ang youtube at panoorin ang pelikulang "Through Night and Day". Kung ikaw ang may-akda, paano mo ito wawakasan? Gamitin ang sumusunod na gabay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Upang makapagbigay ka ng angkop na wakas, dapat:

- Unawaing mabuti ang daloy at lohika ng pinanood na teleserye.

- Hanapin at itala ang mga mahahalagang detalyeng magagamit na batayan ng gagawing wakas.
- Isaalang-alang ang kawilihan ng wakas upang ito'y pumukaw sa mga babasa ng iyong pagsusuri.

| Ang Pagtatapos ng "Through Night and Day" |
| --- |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

*Lalo akong nasisiyahan sa pagpupursiging iyong ipinakikita. Ito ay isang patunay na kayang-kaya mo na. Ngunit, huwag ka munang susuko. Tingnan naman natin ang iyong kahusayan sa susunod na gawain.*

# Aralin 1.2 Wika at Gramatika: Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagtanggi sa Panunuring Pampanitikan



## *Balikan*

**Gawain 1: Punahin Mo!**
Panuto: Punahin ang mga mahahalagang pangyayari sa nobelang "Ang Matanda at ang Dagat." Lagyan ng tsek (/) kung sang-ayon ka at ekis (X) naman kung tutol ka sa inilahad na pangyayari. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

| Mga Pangyayari | Sang-ayon | Tutol | Banggitin ang iyong Reaksiyon / Katwiran kaugnay ng inilahad ng pangyayari |
| --- | --- | --- | --- |


| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Hindi na pinapayagan ng kaniyang mga magulang si Manolin na maglayag kasama si Santiago dahil sa kamalasan nito sa pangingisda. | | | |
| 2. May tiwala siya sa sarili na ang kaniyang kamalasan ay malapit nang magwakas. | | | |
| 3. Nilabanan niya ang pating, nagtiis siya sa hirap at pasakit hanggang sa napatay niya ito. | | | |
| 4. Kinilala si Santiago sa katawagang Salao na nangangahulugang pinakamalalang kamalasan. | | | |
| 5. Labis ang pag-iyak ni Manolin nang matagpuang ligtas si Santiago. | | | |

## *Tuklasin*

*Batid kong napakaraming mga impormasyon ang iyong napag-alaman. Kaugnay nito, basahin mo at unawaing mabuti ang isang halimbawa ng suring-pelikula na "Harry Potter and the Sorcerer's Stone" at pagkatapos, sagutin ang kasunod na gawain.*

**Harry Potter and the Sorcerer's Stone**
Isang Suring-pampelikula

Ang Harry Potter and Sorcerer's Stone (Philosopher's Stone) ay unang libro ni J.K. Rowling mula sa serye ng Harry Potter. Sinasabing ang nobelang ito ay naghatid kay Rowling ng kasikatan bilang isang mahusay na manunulat sa buong mundo. Isinapelikula ito noong 2001 na idinirek ni Chris Colombus at ibinahagi ng *Warner Bros. Pictures*. Pinagbibidahan ito nina Daniel Radcliffe bilang Harry Potter, Rupert Grin bilang Ron Weasley at Emma Watson bilang Hermione Granger. Tinatayang umabot sa $980 milyon ang kinita nito na naging *worldwide box office hit* at kinilala sa iba't ibang *award giving bodies* tulad ng *Academy Awards*.



*Iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan ni Harry Potter.*

Nagbukas sa isang pagdiriwang ang kuwento na kadalasang palihim dahil sa mga nagdaang taon ay laging ginugulo ni Lord Voldemort. Bago ang gabing iyon, natuklasan ni Voldemort ang pinagtataguan ng mag-anak na Potter, at pinatay si Lily at James Potter. Ngunit nang itinuro na niya ang kaniyang *wand* sa sanggol nilang anak na si Harry, ang sumpang patayin ito ay bumalik sa kaniya. Ang katawan ni Voldemort ay nasira at naging isang walang kapangyarihang kaluluwa, naghahanap ng isang lugar sa mundo na walang makaiistorbo, samantalang si Harry naman ay naiwang may marka ng kidlat sa kaniyang noo, ang natatanging palatandaaan ng sumpa ni Voldemort. Ang misteryosong pagkatalo ni Harry kay Voldemort ay nagresulta sa pagkakakilala sa kanya bilang "ang batang nabuhay" sa mundo ng mga wizard.

Ang ulilang si Harry Potter ay na pinalaki ng kaniyang malupit, at walang kapangyarihang kamag-anak, ang Dursleys, na walang pakialam sa pinagmulan ng mahika at sa hinaharap ni Harry. Subalit, sa pagdating ng ikalabing-isa niyang kaarawan, nagkaroon si Harry ng kaniyang unang kontak sa daigdig ng mahika nang makatanggap siya ng sulat galing sa *Hogwarts School of Witchcraft and Wizardry*, na kinuha naman ng kaniyang tiyo at tiya bago pa man niya ito mabasa. Ayon sa liham, sa ika-11 kaarawan ni Harry, siya ay magiging isang wizard, at siya ay inaanyayahang pumunta sa Hogwarts. Tinuruan siya ni Hagrid kung paano gumamit ng mahika at gumawa ng potions. Natutuhan din ni Harry na malampasan ang panlipunan at emosyonal na hadlang sa kaniya sa pakikipaglaban hanggang sa kaniyang pagbibinata at harapin ang makapangyarihang si Voldemort.

Marami man ang nangyari kay Harry sa simula, nalagpasan niya ito sa tulong ng kaniyang mga kaibigang sina Ron at Hermione. Katulong din niya si Professor Dumbledor na laging nariyan na nagbibigay ng payo at paalala sa kaniya.

<u>Totoo</u> naman na nakuha ng pelikulang ito ang kiliti ng masa lalo na ang mga kabataan. Ang mga karakter na ginamit dito ay nagpapaalala ng taong kilala na natin at sa mga taong dapat pa nating kilalanin. Tulad sa batang mataba na laki sa layaw na si Dudley o kaya mala-boss at mapanghimasok ngunit may malambot na pusong si Hermione. Malaking bilang din ng mga batang nanonood ang makakaunawa kay Harry partikular sa kaniyang inisyal na damdamin ng ganap na pagkakahiwalay at di-kasali sa isang pamilya, ngunit dumating ang

panahon na dapat na niyang iwanan ang naturang buhay niya upang pumunta sa lugar kung saan siya kabilang at magiging ganap na masaya.

Sadyang nailarawang mabuti ang Hogwarts bilang kaakit-akit na lugar na hindi lamang puno ng salamangka at mahika na tunay na katangiang pinapangarap na mapuntahan ng pangunahing tauhan. Iba't ibang pakikipagsapalaran ang dinaanan ni Harry kasama ang kaniyang dalawang kaibigan (Ron at Hermione) sa lugar ng Hogwarts. Ipinakita sa pelikulang ito ang kahalagahan ng pakikipagkaibigan bunga ng mahusay na pagganap ng mga artista. Lutang na lutang ang kahusayan ni Daniel bilang si Harry na dumanas ng malaking hamon sa buhay.

Totoong magaling ang pagkakasulat ng iskrip. Ang kasaysayan nito ay inilahad sa pamamagitan ng malalim na pananaliksik at pag-iisip. Buhay na buhay ang pelikula kung saan nakatulong nang malaki ang kulay na nakaangkop sa kapaligirang kinunan ng kamera bagaman hindi rin maiiwasan ang pagkakaroon ng larawang kulang sa ilaw.

Sa kabuoan, ang pelikulang *Harry Potter at Sorcerer's Stone* ay isang napakagandang pelikula. Sa pamamagitan ng pelikulang ito, nakilala natin ang kultura ng bansang United Kingdom at ang impluwensiyang dala nito sa ating bansa.

**Gawain 2: Pelikula...Suriin Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong buhat sa binasang akda. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Batay sa iyong nabasa, ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng nobela at pelikula?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Anong kultura ng bansang United Kingdom ang iyong nakita sa pelikulang Harry Potter at ang *The Sorcerer's Stone*?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Ano-anong elemento ng pelikula ang lumutang dito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Bakit ninanais ng mga tao na isapelikula ang isang nobela?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Kung ikaw ang may-akda, paano mo wawakasan ang nobelang ito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

***Alam mo bang...***

**Panunuring Pampanitikan** ang tawag sa isang malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa malikhaing katha ng manunulat.

- Kaugnay ng pagiging interaktibo ng tao, ang pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon hinggil sa kaniyang naranasan, nakita o napanood, narinig, at nabasa ay bahagi ng pakikipagkomunikasyon.
- Alam mo bang nagpapahayag ka ng reaksiyon o opinyon kung ikaw ay nagsusuri ng akdang pampanitikan? Sa Unang Markahan, natalakay na natin

ang tungkol sa Suring-basa kung saan ito'y isang pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda. Sa modyul namang ito ay binibigyang-pansin natin ang iba pang uri ng panunuring pampanitikan gaya ng Suring-pampelikula at Suring-pantelebisyon.

**Suring-pampelikula** – Ito ay isang pagsusuri o rebyu ng pinanood na pelikula.

**Suring-pantelebisyon** – Ito ay isang pagsusuri o rebyu ng pinanood na programang naisatelebisyon.

- Sa pagsusuri o rebyu, inaalam at sinusuri natin ang nilalaman at kaisipan ng isang akda. Sa pagsasagawa nito, maaaring gamitin ang dalawang paraan: Ang (1) patalatang pagsusuri at (2) pabalangkas na pagsusuri gaya ng pormat na ito:

| |
|---|
| **I. Panimula**<br>➢ Pamagat<br>➢ May-akda<br>➢ Uri ng Pantikan<br>➢ Bansang Pinagmulan<br>➢ Layunin ng Akda |
| **II. Pagsusuring Pangnilalaman**<br>➢ Tema o Paksa ng akda<br>➢ Mga Tauhan sa Akda<br>➢ Tagpuan / Panahon<br>➢ Balangkas ng mga Pangyayari<br>➢ Kulturang Masasalamin sa Akda |
| **III. Pagsusuring Pangkaisipan**<br>➢ Mga Kaisipan / Ideang Taglay ng Akda / Mensahe<br>➢ Estilo ng Pagkakasulat ng Akda<br>o Bisa sa Isip – tumutukoy sa kung paano naiimpluwensiyahan ang pag-iisip o utak.<br>o Bisa sa Damdamin – tumutukoy sa kung ano ang nadama at paano naantig ang emosyon ng mambabasa.<br>o Bisa sa Kaasalan – tumutukoy sa kung anong pag-uugali, asal o aral ang naikintal na impresyon sa mambabasa. |
| **IV. Buod**<br>➢ Paalala: Hindi kailangang ibuod nang mahaba ang akda. Ang pagbanggit sa mga mahahalagang detalye ang bigyang-tuon. |
| **V. Teoryang Pampanitikan**<br>➢ Mahalaga ring masuri ang tiyak na teoryang pampanitikan na lumutang sa nasabing akda. Sa teoryang ginamit, madalas nakikita rin ang kahalagahan ng panitikan sa lipunan lalo na kung ang teksto ay nasulat sa isang mahalagang panahon ng kasaysayan. *(Kapansin-pansing ito ang naidagdag na bahagi ng pagsusuri mula sa napag-aralan mo noong unang markahan)* |

***Alam mo bang...***


**Teoryang Pampanitikan** ang tawag sa sistematikong pag-aaral at ang mga paraan sa pag-aaral ng panitikan. Nakasalalay rito kung paano napahuhusay ang pagtatalakay at napalalalim ang pagsusuri ng isang akda.

1. ***Realismo*** – Matapat na pagsasalamin ng realidad ang ginagawa ng panitikan para higit nitong mapaunlad ang lipunan. Layunin nitong ipakita ang karanasan ng tao at lipunan sa isang katotohanang pamamaraan. Itinatakwil nito ang ideal na paghuhulma at pananaw sa buhay.

   *Halimbawa: Noli Me Tangere (Nagsasaad ng kaapihan ng mga Pilipino)*
2. ***Humanismo*** – kung mas binigyang-diin ang tungkol sa pagiging marangal ng tauhan. Layunin nitong ipakita na ang tao ang sentro ng mundo at bibibigyang-tuon ang kalakasan, kakayahan, at mabubuting katangian ng tao.

   *Halimbawa: Kabanata 10: Ang Titser ni Liwayway Arseo (Banta ng panganib.*
3. ***Eksistensiyalismo*** – layuning ipakita na ang tao ay may kalayaang pumili o magdesisyon para sa kapakanan ng marami. Ipinakikita at mas lumulutang sa teoryang ito ang naganap sa buhay ng tauhan, mga pangyayari na bunga ng kaniyang sariling pagpili dahil naniniwala siya na ang isang dahilan ng *existence* ng tao sa mundo ay hubugin ang sarili niyang kapalaran.

   *Halimbawa: Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla (Pagmamahal sa Daigdig at Kalikasan nito)*



## *Suriin*

*Binabati kita sa masigasig mong pag-aaral sa mga panuntunan sa panunuring pampanitikan at ang mga nagagamit na teorya para rito. Sa bahaging ito, malalaman mo kung paano nagagamit nang angkop at mabisa ang mga pahayag sa pasusuri ng akda.*

### *Alam mo bang...*

Sa pagbibigay ng tiyak na reaksiyon sa mga interaktibong pagpapahayag ay karaniwang humahantong sa pagsang-ayon o pagtutol? Gayonpaman, ang konsepto ng pagtutol o *counter assertion* at pagsang-ayon o konsesyon ay maaari ring pagsamahin sa isang pangungusap gamit ang ***Pang-abay***. Maaari ring maipahayag ang argumento sa di-ganap na pagsang-ayon o pagtutol sa tulong ng mga ***Pangatnig***.

### Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagtanggi sa Panunuring Pampanitikan

1. ***Pang-abay bilang Instrumento sa Pagbibigay Opinyon*** – Ito ay bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing o naglalarawan sa pang-uri, pandiwa o maging sa kapuwa nitong pang-abay. Ito ay may siyam na uri: pamanahon, pamaraan, panlunan, pang-agam, pamitagan, panukat, panulad, panang-ayon, at pananggi. Ang pang-abay na panang-ayon at pang-abay na pananggi ay nagsisilbi bilang instrumento sa pagbibigay-opinyon.
   - **a. Pang-abay na Panang-ayon** – nagsasaad ng pagsang-ayon (Konsesyon) sa isang bagay o pangyayari.

*Halimbawa:* Oo, opo, tunay, totoo, sadya, talaga, sige, tiyak, walang duda, sigurado, siyempre, siyanga atbp.

**Oo,** asahan mo ang aking tulong.
**Talagang** mabilis ang pag-unlad ng bayan.
**Totoo** namang kakaunti na ang puno sa kabundukan.
**Sadyang** malaki ang ipinagbago mo.

*Ang mga salitang nakadiin na **Oo, Talagang, Totoo,** at **Sadya** ay mga salitang nagsasaad ng pagsang-ayon o Konsesyon.*

**b. Pang-abay na Pananggi** – nagsasaad ng pagtanggi o pagtutol o *counter assertion* sa kilos na ginawa, ginagawa o gagawin pa lamang.
*Halimbawa:* Hindi/di, wala, ayaw, huwag

**Hindi** mabuti ang mag-aksaya ng panahon.
**Huwag** tularan ang mga taong lumalabag sa batas.
**Walang** maidudulot na mabuti ang pagbibisyo.
**Ayaw** niyang makinig sa mga payo ng pamahalaan.

*Ang mga salitang nakadiin na **Hindi, Huwag, Walang** at **Ayaw** ay mga salitang nagsasaad ng pagtanggi o pagtutol o Kawnter-asersiyon.*

2. ***Pangatnig sa Pagbibigay ng Opinyon*** – nag-uugnay ng mga pangungusap at sugnay. Ang mga pangatnig na *ngunit, subalit, pero* ay maaaring nagpapabatid ng pagsang-ayon na may pasubali o pagtutol.
*Halimbawa:*

Totoong maganda siya **pero** magaspang namang ang ugali.
Talagang matalino siya **ngunit** mas matalino ang kaniyang kalaban.
Hindi man maganda ang tono ng kaniyang pananalita **subalit** marami naman siyang nagawang pagbabago para sa bansa.

*Ang mga salitang nakadiin na **pero, ngunit** at **subalit** ay mga pangatnig o pang -ugnay na nagsasaad ng pagtutol.*

*Batid kong taglay mo na ang kasanayan sa paggamit ng angkop at mabisang mga pahayag sa pagsasagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan. Ngayon, isasagawa mo ang susunod na gawain.*

## Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika

A. Panuto: Tukuyin ang mga pang-abay na panang -ayon o pananggi na ginamit sa suring-pelikula na “Harry Potter and the Sorcerer’s Stone”. Isulat ito sa sagutang papel.
   1. Sadyang napakahusay na manunulat si J.K. Rowling.
   2. Totoo namang nakuha ng pelikulang ito ang kiliti ng masa lalo na ang kabataan.
   3. Sadyang nailarawang mabuti ang Hogwarts bilang kaakit-akit na lugar.
   4. Totoong magaling ang pagkakasulat ng iskrip.
   5. Tunay na maipagmamalaki ang kultura ng bansang ito.


B. Panuto: Pumili lamang ng isang pelikula o teleseryeng Pilipino na napanood mo na. Sumulat ng pagsusuri gamit ang mga pahayag na pagsang-ayon at pagsalungat. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

**PELIKULA/TELESERYE**

______________________________________________

*(Pamagat)*

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |



## *Pagyamanin*


**Gawain 4: Pananaw Ko, Ibabahagi Ko**
Panuto: Pumili o tumukoy ng mga pangyayaring nagpapakita o nagpapatunay ng konsepto ng mga teoryang pampanitikan mula sa akdang "Ang Matanda at Ang Dagat". Ipaliwanag ang iyong sagot gamit ang mga salitang pagsang-ayon o pagtanggi. Gayahin ang pormat sa iyong pagsagot sa sagutang papel.

| Teorya | Patunay |
|---|---|
| Realismo | |
| Humanismo | |
| Naturalismo | |
| Eksistensiyalismo | |



## *Isaisip*

**Gawain 5: Ilahad Mo!**
Panuto: Ilahad ang konseptong iyong natutuhan sa nobelang "Ang Matanda at Ang Dagat". Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



# *Isagawa*

*Upang matiyak kung talagang naintindihan mo ang aralin tungkol sa nobela at mga pahayag sa pagsang-ayon at pagtanggi sa panunuring pampanitikan sa mga nagdaang araw, nasa ibaba ang nalilinang sa iyong mga natutuhan.*

**Gawain 6: Pelikula, Suriin Mo!**
**Panuto:** Gamit ang telebisyon, selpon at iba pang gadyet bilang batis ng impormasyon, pumili ng alinman sa mga pelikula na iyong napanood. Pagkatapos, sumulat ng suring-pampelikula/suring-pantelebisyong ginagamitan ng mga pahayag na pagsang-ayon o pagtanggi. Gayahin ang pormat sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| ***Rubrik/Standards*** | A. Mabisang Panimula.............................................. 10 puntos<br>B. Pagsusuring Pangnilalaman..................................... 25 puntos<br>C. Pagsusuring Pangkaisipan....................................... 25 puntos<br>D. Lalim ng Pagsusuri................................................. 20 puntos<br>E. Buod....................................................................<u>20 puntos</u><br>Kabuoan...............................................................100 puntos |

**SURING-PAMPELIKULA /PANTELEBISYON**

____________________________________________

**Pamagat**

**I. Panimula**

Pamagat: ________________________________________
May-akda: ________________________________________
Uri ng panitikan: ____________________________________
Bansang pinagmulan: ________________________________
Layunin ng Akda: __________________________________

**II. Pagsusuring Pangnilalaman**

Tema o Paksa ng akda: ______________________________
Mga Tauhan sa Akda: _______________________________
Tagpuan / Panahon: ________________________________
Balangkas ng mga Pangyayari:

A. Simula: ____________________________________
____________________________________________

B. Saglit na Kasiglahan: __________________________
____________________________________________

C. Kasukdulan: ______________________________________________

D. Kakalasan: ______________________________________________

E. Wakas: ______________________________________________

Kulturang nasalamin sa Akda: ______________________________________________

**III. Pagsusuring Pangkaisipan**

Mga Kaisipan / Ideang Taglay ng Akda: ______________________________________________

Estilo ng Pagkakasulat ng Akda: ______________________________________________

**IV. Buod**

______________________________________________

**V. Teoryang Pampanitikan**

______________________________________________



# *Tayahin*

*Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa bahaging ito. Tiyak, marami kang natutuhan sa modyul na ito. Kaya ngayon, susukatin mo ang iyong kaalaman mula sa katatapos na aralin.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahing mabuti ang mga kasunod na tanong. Piliin ang letra ng pinakawastong sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. "Huwag kang mag-isip, Tanda", malakas niyang sabi. Magpatuloy ka sa paglalayag at harapin ang anomang dumating". Ang pahayag ay nagpapakita ng anong uri ng tunggalian?

A. tao sa tao B. tao sa sarili

C. tao sa lipunan D. tao sa kalikasan

_____ 2. Ito'y isang akdang pampanitikang nagtataglay ng kawili-wiling pangyayari at sumasalamin sa kultura ng isang lugar. Binubuo ito ng iba't ibang mga kabanata.
A. Dula B. Nobela
C. Maikling Kuwento D. Parabula

_____ 3. Anong katangian ang nangibabaw sa pangunahing tauhan habang hinihila niya ang isda?
A. mabait B. matatag
C. mabuti D. mapagpahalaga

_____ 4. Sa teoryang ito ipinakikita o mas lumulutang na ang naganap sa buhay ng tauhan at mga pangyayari ay bunga ng kaniyang sariling pagpili o pagpapasya.
A. Eksistensiyalismo B. Feminismo
C. Realismo D. Markismo

_____ 5. "Pero hindi nilikha ang tao para magapi,"sabi niya. "Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi". Ang pahayag ay nangangahulugang:
A. May pagsubok mang dumating, lilipas din
B. Hindi dapat magpatalo sa hamon ng buhay
C. Kung may dilim, may liwanag ding masisilayan
D. Nilikha tayo para lumaban at hindi para masaktan lamang.

_____ 6. Alin sa sumusunod na katangian ang HINDI ipinakita ni Santiago?
A. Hindi siya sumusuko sa buhay.
B. Sinukuan niya ang paghuli sa pating.
C. Matapang niyang hinarap ang hamon ng buhay.
D. Hindi siya naghihinakit sa mga taong nanghuhusga sa kaniya.

_____ 7. Alin sa sumusunod na kalupitan ang naranasan ni Santiago?
A. Ang diskriminasyon sa kanilang lipunan.
B. Ang kawalang hustisya sa mga nagkasala
C. Ang panggigipit ng mga otoridad sa mga biktima
D. Ang pagmamalupit ng mga makapangyarihan sa mahihirap


_____ 8. Lumitaw sa nobelang "Ang Matanda at ang Dagat" ang teoryang ito sapagkat sinasalamin nito ang realidad sa lipunan. Nakatuon ito sa nilalaman ng teksto at ang matapat nitong paggagad sa lipunan.
A. Eksistensiyalismo B. Feminismo
C. Realismo D. Markismo

_____ 9. Ito ay pag-alam sa nilalaman, kahalagahan, at ang istilo ng awtor o may-akda.
A. Panonood B. Pakikinig
B. Pagbasa D. Pagsusuri


_____ 10. Alin sa sumusunod na elemento ang makikita sa nobela na wala sa maikling kuwento.
A. Tauhan B. May Kabanata
C. Tagpuan D. Tunggalian

B. Panuto: Punan ng angkop na pang-abay na panang-ayon o pananggi ang mga pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.

1. ______ matapang na hinarap ni Santiago ang marlin.
2. ______ ipinakita ni Santiago ang katatagan niya sa pagharap ng mga pagsubok.
3. _______ kailanman magtatagumpay ang isang tao kung wala siyang pagsisikap.
4. Nagpakita siya ng kabutihang -asal ____ di pa rin siya pinapatawad.
5. _______ kanais-nais ang ipinakita niyang ugali.



*Lubos na Mahusay! Ang galing mo! Binabati kita sa matiyaga mong pakikibahagi sa pagtalakay sa mga aralin. Alam kong nakapapagod maglakbay ngunit sulit naman dahil matagumpay mong napag-aralan ang nobelang mula sa Cuba at ang mga pahayag sa pagsang-ayon o pagtanggi sa panunuring pampanitikan. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul –* ***Modyul 6 (Talumpati mula sa Brazil)****.*



## Susi sa Pagwawasto

### PAUNANG PAGTATAYA

**A.**

1. B
2. C
3. D
4. C
5. A
6. A
7. B
8. D
9. B
10. C

**B.**

1. B
2. C
3. C
4. D
5. C

### ARALIN 1.1: (Panitikan: Ang Matanda at Ang Dagat)

**BALIKAN**

**Gawain 1: Hagdan ng Tagumpay**

5. Di malayong masayang-saya na ang pamilya ko.
4. Baka may mga anak na kami.
3. Marahil may asawa na ako.
2. Sa palagay ko, may naitayo na akong bahay.
1. Siguro nakapagtapos na ako ng pag-aaral at mayroon na akong trabaho.

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan**

1. SALAPANG
2. PAMANSING
3. SALAO
4. MARLIN
5. NANLUMO
6. PUNTO DE VISTA
7. IMAHE
8. TUNGGALIAN
9. KASUKDULAN
10. KARAKTER

**Gawain 3: Pagsusuri sa Akda**

1. Si Santiago ay isang masipag at matapang na matandang nagingisda na nakahuli ng isang isdang Marlin.
2. Tutol ang magulang ni Manolin na sumama siya kay Santiago dahil sa kanyang kamalasan sa pangingisda.
3. Kahit nagkasugat-sugat siya sa kanyang kamay at nakaranas ng sakit ay ginamit niya ang nalalabi niyang lakas upang mahuli ang isdang Marlin.
4. Sa aking palagay, pinamagatang “Ang Matanda at ang Dagat”, ang matanda ay sumisimbolo sa mga tao at ang dagat na kung saan tuloy lang sa pag- agos ay sumisimbolo nama sa mga pagsubok na nararanasan ng isang tao.
5. Ang pang-aapi sa mga mahihirap o taong walang kaya at mababa ang katayuan sa lipunan. May mga mayayaman na ginagamit ang kanilang kapangyarihan upang makapanloko ng kapwa. Oo, nangyayari pa rin sa kasalukuyan.

**SURIIN**

**Gawain 4: Unawain Mo!**

1. Pinagkakaguluhan ng mga tao si Tata Selo dahil sa hindi sila makapaniwalang mapapatay niya si Kabesang Tano na nagmamay-ari sa lupang kanyang sinasaka.
2. Ang mga magsasaka ay pinagkaitan ng karapatan at nakaranas sila ng labis na pagpapahirap mula sa kamay ng mga ilang mayayamang may-ari ng lupa.
3. Dahil sa napatay niya si Kabesang Tano, makatuwiran na ikulong siya. Subalit, kailangang bigyan rin siya ng pantay na pagtrato sa paglilitis ng kanyang kaso base sa isinasaad sa batas.

**PAGYAMANIN**

**Gawain 5: Ihambing Mo!**

| Nobela | Maikling Kuwento |
|---|---|
| 1. Parehong salaysay na tuluyan at iisa ang balangkas. | 1. Ang maikling kuwento ay maaaring basahin sa isang upuan lamang ngunit sa nobela ay mahabang oras ang gugugulin sa pagbabasa. |
| 2. May tema, gumagamit ng simbolo at matalinghagang salita upang magbigay ng aral. | 2. Maraming pangyayari ang nobela kaysa sa maikling kuwento. |
| 3. May kasukdulan ang nobela at maikling kuwento upang magkaroon ng mga problema na makapagpasabik sa mga mambabasa. | 3. Ang nobela ay binubuo ng kabanata o yugto. |
| 4. Parehong nagtataglay ng tema. | 4. Mas maraming tauhan ang nobela kaysa sa maikling kuwento |

**ISAISIP**

**Gawain 6: Tandaan Mo!**

**Kahulugan:** Ang Nobela ay isang mahabang kathang pampanitikan na binubuo ng iba't ibang kabanata. Ito ay naglalahad ng mga pangyayari na pinaghahabi sa isang mahusay na pagbabalangkas.

**Elemento:** Tauhan; tagpuan; banghay; pananaw; tema; damdamin; pamamaraan; pananalita; at sibolismo.

**Katangian:** Kawili-wili at pumupukaw ng damdamin; Pumupuna sa lahat ng larangan; Nag-iiwan ng kakintalan

**ISAGAWA**

**Gawain 7: Wakasan Mo Na!**

Sa pagwawakas ng Through Night and Day, dapat malunasan ang sakit ng bidang babae at mapakasalan siya ni Ben at mamumuhay sila nang mapayapa at masaya.

## ARALIN 1.2 (Wika at Gramatika: Mga Pahayag na Pagsang-ayon at Pagtanggi sa Panunuring Pampanitikan)

**BALIKAN**

**Gawain 1: Punain Mo!**

Nakadepende ang sagot sa piniling pelikula o teleserye.

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Pelikula...Suriin Mo!**

1. Ang pagkakatulad nila ay parehas na naisasadula. Parehong kuwento na may mga tauhan. Ang pagkakaiba ay nasa pormal na sulatin o libro ang nobela. Samantala, sa pelikula ay nasa pormang biswal o napapanood.
2. Ipinapakita rito ang kanilang kultura tulad sa kung paano ang pakikisalamuha nila sa mga tao at paraan ng kanilang pananalita at pananamit.
3. Ang lumutang na elemento ay ang mga tauhan, tagpuan, banghay at tema. Naging masining ang pagsasalaysay sa pelikula.
4. Ninanais ng mga tao na maisapelikula ang nobela dahil mas maiintindihan nila ito at dahil nakikita sa biswal na paraan.
5. Ipapakita ko pa rin na magkakaroon ng mga anak si Harry Potter at Ginny. Maipapakita rin na masaya at mapayapa ang kanilang pamumuhay.

**SURIIN**

**Gawain 3: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika**

A.
1. Sadyang
2. Totoo
3. Sadyang
4. Totoong
5. Tunay

B. Nakadepende ang sagot sa piniling pelikula o teleserye.

**PAGYAMANIN**

**Gawain 4: Pananaw Ko, Ibabahagi Ko!**

| | |
|---|---|
| Realismo | Ipinapakita ang tunay na buhay ng isang mangingisda at ang kanyang dinaranas sa dagat. |
| Humanismo | Hindi basta-bastang sumusuko ang tao sa mga pagsubok. May busilak na puso ang pangunahing tauhan. |
| Naturalismo | Natural na pangyayari o karanasan ng isang mangingisda sa dagat ang inilarawan sa nobela. |
| Eksistensiyalismo | Bawat tao ay may kalayaang magdesisyon sa kanyang sarili. Responsable siya sa anumang kahihinatnan o resulta ng kanyang ginawang pagdesisyon. |

**ISAISIP**

**Gawain 5: Ihayag Mo!**

1. Ang konsepto sa akdang ito ay ang matibay na paninindigan ng tao sa kanyang mga desisyon. Magpakatatag sa mga pagsubok na darating sa buhay. Pakaisiping mabuti ang ating mga desisyon sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

**ISAGAWA**

**Gawain 6: Pelikula, Suriin Mo!**

Nakadepende ang sagot sa piniling pelikula o teleseryeng napanood.

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**A.**
1. B
2. B
3. B
4. A
5. B
6. B
7. A
8. C
9. D
10. B

**B.**
1. Totoo / Talaga
2. Tunay na/Talaga
3. Hindi/Di
4. Hindi/Di
5. Talaga/Totoo

# *Sanggunian*


Vilma C. Ambat et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral.* Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 157-167.

*Cuba.*Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://en.m.wikipedia.org/wiki/Cuba

*Buod ng maikling kuwentong Tata Selo . Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://www.scribed.com/doc/235734789/Buod-ng Kuwento-Ni -Tata -Selo*

*Isang Suring-Pampelikula ni Harry Potter and the Sorcerer's Stone . Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://www.wattpad.com/amp/159314050*

*Ang Nobela at mga Elemento Nito.* Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://www.wikakids.com/filipino/ano-ang-nobela/

*Mga Pananaw at Teoryang Pampantikan.* Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://slideshare.net/mobile/JohnJarremPasol/mga-pananaw-at-teoryang-pampanitikan

*Teoryang Pampanitikan.* Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://rosiefilipino10.weebly.com/teorya-ng-pampanitikan/html#/

*Pang-abay na Panang-ayon, Pananggi at Pang-agam.* Nahango noong Hunyo 13, 2020 mula sa https://samutsamot.com/2015/12/02/pang-abay-na-panang-ayon-pananggi-at-pang-agam/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph